

## Paano ko malalaman kung ako ay may sakit na TB?

Ang manggagamot lamang ang makakapagsabi kung ikaw ay may sakit na TB. Unang dapat mong gawin ay magpasuri sa balat o dugo. Ang positibong resulta sa balat o dugo ay nangangahulugan na ikaw ay may – **Latent TB Infection**. Kung ikaw ay may positibong pagsusuri, mangangailangan ka ng reynos – ekis sa dibdib upang matiyak na ang mikrobyo ay hindi pa nagsimulang makaapekto sa iyong baga – **Active TB Disease**. Maaaring kailanganing magbigay ng uhog (plema) galing sa baga upang tingnan kung may mikrobyo ng TB.

Kung ikaw ay nagkaroon na ng positibong pagsusuri sa TB o kaya nagamot sa TB, ipagbigay-alam sa mga trabahador pangkalusugan habang ikaw ay sinusuri.



## Kung ang aking unang pagsusuri ay negatibo, OK ba ako?

Bagaman negatibo ang iyong unang pagsusuri sa TB, maaaring mayroon ka na ng mikrobyo sa iyong katawan. Mangangailangan ka ng susunod na pagsusuri sa loob ng 12 linggo, para masiguro na walang mikrobyo ng TB.

## Saan ako puedeng magpasuri sa TB?

Ang iyong manggagamot ay puedeng suriin ang iyong balat o dugo.

Pagsusuri lamang sa mga taong nalantad sa sakit sa Tuberkulosis:

Tuberculosis Clinic, Ward 94  
SFGH Building 90, 4<sup>th</sup> Floor  
2460 22<sup>nd</sup> Street at Potrero Avenue  
San Francisco, CA 94110  
Main phone number 415-206-8524  
Fax: 415-648-8369

## TUBERKULOSIS

# *Nalantad ako sa sakit na Tuberkulosis (TB)*

### *Kailangan ko bang magpasuri?*

Kung nakasama mo ang taong may sakit na TB, maaaring nalanghap mo ang mikrobyo ng TB. Dapat kang suriin.

Hindi lahat ng mga taong nalantad sa sakit na ito ay magkaka-impeksyon.

Kung ikaw ay may impeksyon, may mga gamot na makakapigil at maiwasan ang ikaw ay tuluyang magkasakit.

# May pagkakaiba ang TB impeksyon at sakit na Tuberkulosis

## TB Impeksiyon

Kung ikaw ay isa sa mga taong mayroong impeksiyon ng mikrobyo ng TB:

- Natutulog ang mikrobyo ng TB sa katawan
- Wala kang sakit at wala ang mga palatandaan o sintomas
- Hindi mo maibibigay ang mikrobyo kaninuman



*Siya ay nagpasuri sa TB!  
Siya ay may impeksyon sa TB ngunit hindi nakakahawa.*



## Sakit na Tuberkulosis

Kung ikaw ay isa sa mga taong may sakit na Tuberkulosis:

- Mayroong buhay na mikrobyo ng TB sa iyong katawan.
- Ikaw ay may sakit at may palatandaan katulad ng ubo, lagnat at pagbaba ng timbang.
- **Kailangan sumangguni sa manggagamot**
- **Maaaring** hawaan ang iba sa mikrobyo ng TB.



*Aktibong sakit na TB ay nakakahawa*

Ang mikrobyo ng TB ay iniuubo sa hangin ng taong may sakit na Tuberkulosis. Makakakuha ka ng TB kung malalanghap ang mikrobyo.

## Hindi NAKAKAHAWA ang TB sa:

- Damit
- Pagsasalo sa mga kagamitan sa pagkain
- Pagkain
- Kagamitan sa kama
- Kasilyas o kubeta
- Pakikipagkamay
- Ugnayang sekswal
- Gamitan at pagsasalo ng mga karayom pang droga

